

# Filipino

## Ikalawang Markahan–Modyul 4: Pangangatuwiran at Pagpapakahulugan



**Filipino – Ikawalong Baitang**  
**Alternative Delivery Mode**  
**Ikawalong Markahan – Modyul 6: Sanaysay**  
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

<b>Manunulat</b>	: Jenelyn L. Jandoc, SST I
<b>Editor</b>	: Dores P. Claro, Maria Consuelo C. Jamera
<b>Tagasuri</b>	: Jessie C. Torreon, Jocelyn P. Abellano, Donna May D. Pinguit, Teresita Merlin, Japhet K. Salar, Christy Joyce E. Anino
<b>Tagalapat</b>	: Jenelyn L. Jandoc, SST I, Peter A. Alavanza
<b>Tagapamahala</b>	: Francis Cesar B. Bringas, Isidro M. Biol Jr., Maripaz F. Magno, Josephine Chonie M. Obsenares, Gilda G. Berte, Antonieta O. Narra, Feldrid P. Suan, Jessie C. Torreon, Dores P. Claro, Victoria B. Pabia

Inilimbag sa Pilipinas ng: \_\_\_\_\_

**Department of Education - Region CARAGA**

Office Address: Learning Resource Management Section (LRMS)  
Teacher Development Center  
J. Rosales Avenue, Butuan City, Philippines, 8600

Telefax: (085)342-8207 / (085)342-5969

E-mail Address: caraga@deped.gov.ph

# **Filipino**

## **Ikalawang Markahan – Modyul 4: Pangangatuwiran at Pagpapakahulugan**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.




## ***Alamin***

### **Tungkol saan ang modyul na ito?**

Ang modyul na ito tungkol sa Pangangatwiran at Pagkakahulugan ay may maramihang gamit. Una, matututuhan mo ang mga kakayahang nasasalamín sa mga kasanayang nabanggit sa ibaba. Pangalawa, mas mapalalawak at mapalalakas ang mga kaalaman na iyong natuklasan sa naunang baitang. Panghuli, matutulungan kang mas mapahalagahan ang kulturang Pilipino at mahalín ng mas higit pa ang iyong pagka-Pilipino.

Pagkatapos ng modyul na ito, ikaw bilang mag-aaral ay inaasahang:

1. Naipahahayag ang pangangatuwiran sa napiling alternatibong solusyon o proposisyon sa suliraning inilahad sa tekstong binasa. **F8PB-IIe-f-25**
2. Naibibigay ang denotatibo at konotatibong kahulugan, kasingkahulugan at kasalungat na kahulugan ng malalalim na salitang ginamit sa akda. **F8PT-IIe-f-25**



## ***Subukin***

Sagutan ang panimulang pagsusulit. Layunin nito na alamin kung kailangan mo pa ang modyul na ito o tutuloy ka na sa susunod.

**Panuto:** Basahin ang bahagi ng balagtasán. Ipahayag ang iyong katuwiran sa proposisyong inilahad at bigyang kahulugan ang mga salitang ginamit sa akda.

### **SIPAG:**

Kapag baya'y umunlad. Ang pagko'y pinupukol.  
Sa gobyerno at mga tao, sama-sama't tulong-tulong.  
Kung ang lahat ay tinatamad, bayan nati'y ano ngayon?  
Wala na ngang pagbabago. Kabuhaya'y urong-sulong.

Kasipaga'y puhunan nating lahat sa gawain,  
Maliit man o malaki, mahirap man ang gampanin.  
Kung ang ating kasipagan, itatabi't magmamaliw.  
Maunlad na Pilipinas, di natin masasalapi.

**TALINO:**

Akong aba'y inyong lingkod, isinilang na mahirap,  
at ni walang kayamanan, maaaring mailantad.  
Pamana ng magulang ko ay talinong hinahangad,  
Pamanang magtatanghal, puhunan sa pag-unlad.

Sa gobyerno at lipunan, mga tao'y may puhunan  
Na kanilang tataglayin, habang sila'y nabubuhay.  
Ang talino'y nagbubuklod, sa pambansang kalayaan,  
Nagbibigkis sa damdamin, makatao't makabayan.

<https://gabay.ph/sipag-o-talino/>

A. Para sa iyo, alin ang mas nakatitimbang na proposisyon?  
Pangatwiranan.

---

B. Mula sa akda, ibigay ang denotatibo at konotatibong kahulugan ng sumusunod na salita.

Salita	Denotatibong kahulugan	Konotatibong kahulugan
Urong-sulong		
Kalayaan		

C. Ibigay ang kasingkahulugan at kasalungat na kahulugan ng mga salita.

Salita	Kasingkahulugan	Kasalungat na kahulugan
Nagbibigkis		
Mahirap		

*Natukoy mo ba nang tama ang kung alin ang pangunahing kaisipan at ang mga pantulong na kaisipan sa talata? Bago ka magpatuloy sa araling ito, balikan mo ang naunang aralin at sagutin ang kasunod na gawain.*

## Aralin

# 1

# Pangangatuwiran at Pagpapakahulugan



## Balikan

**Panuto:** Basahin ang teksto at ipahayag ang iyong opinyon gamit ang mga hudyat ng pagsang-ayon at pagsalungat. Salungguhitan ang hudyat na ginamit sa bawat opinyon.

Ang pagbabago sa uri ng komunikasyon na gamit ngayon ay may pagkakaiba kung ikukumpara sa dati. Maihahambing natin ito sa *analog* noon at *digital* ngayon. Ang mga analog na kagamitan ay kadalasang pinalalakad ng orasang may kamay na nagtuturo para sa minuto, segundo at mga datos ay nirerepresenta ng mga numero para sa lakas o volyum at ang pag-ikot nito ay kailangang pagalawin pa ang isang bahagi ng kasangkapan o instrument bago makuha ang inaasahang epekto. Samantala, sa digital ay pinipindot lang ng daliri ang mga buton ng bagay na gustong pagalawin, iayos o itama. Ang mga numero, simbolo, instraksyon ay naipoproseso sa pamamagitan ng pagpindot gamit ang mga daliri. Ang pagiging computerized ng mga kasangkapan/kagamitang ito ngayon ang nagpapadali sa mga gawain ng tao.

Pagsang-ayon

1. \_\_\_\_\_
2. \_\_\_\_\_
3. \_\_\_\_\_

Pagsalungat

1. \_\_\_\_\_
2. \_\_\_\_\_
3. \_\_\_\_\_

*Dahil nasagot mo nang tama ang gawaing ito. Sigurado akong mas madali na sa iyo ang kasunod na aralin dahil magagamit mo ang iyong natutuhan tungkol sa pagsang-ayon at pagsalungat. Halika at tuklasin mo kung ano ito*



## **Tuklasin**

**Panuto:** Pansinin ang pinag-usapan ni Juana at Julia.

**Juana:** (Natatawa) Julia, ako'y natatawa lamang sa iyo, ikaw ay bata pa nga-anong puso-puso ang sinasabi mo? Totoo nga't noong unang dako, kapag may lalaking mangingibig ay tinatanggap ng mga mata at itinutuloy sa puso, at kung ano ang kanyang tibok ay siyang sinusunod, datapwat ngayo'y iba na, nagbago nang lahat ang lakad ng panahon, ngayon kung may lalaking nangingibig ay tinatanggap ng mga mata itinutuloy rito.

**Julia:** (Hihipuin ang noo) Dito sa isip at dito sa puso;at kung ano ang pasya ng isip ay siyang pairalin:ang puso sa panahong ito ay hindi na gumaganap ng maganda niyang katungkulan, siya'y nagpapahingalay na.....

1. Paano pinangatwiran ni Julia ang opinyon ng kanyang inang si Juana?
2. May malalalim bang salita na ginamit sa usapan?
3. Mabibigyan mo ba ito ng kahulugan?

*Para masagot mo ang mga tanong na ito, halika't basahin ang kasunod na talakayan.*



## **Suriin**

### **PANGANGATWIRAN AT PAGPAPAKAHULUGAN**

#### **Pangangatuwiran**

Ang sining ng pangangatuwiran ay isang pagpapahayag na may layunin na masubukan ang katatagan at katayuan ng isipan o talinong taglay ng isang tao.

Isa sa mga sangkap ng mabisang pangangatuwiran ang proposisyon. Ito ay pahayag na maaaring sang-ayunan at maari ring tutulan kaya't dapat talagang mangatwiran.

Narito ang isang halimbawa ng isang proposisyon:

*Dapat bang pairalin nang mahigpit ang pagbabawal na lumabas ng bahay ngayong may pandemya?*



Ginagamit din ang alternatibong solusyon sa pagbuo ng pangangatuwiran. Nagbibigay ito ng mungkahi o pahiwatig na gawin ang isang tiyak na hakbang kapalit ng isa pa.

Narito ang mga salita/ parirala na ginagamit sa pagbibigay ng alternatibong solusyon:

*makabubuti siguro...*  
*higit na mainam....*  
*ganito ang dapat gawin...*  
*kailangan....*  
*una mong dapat gawin...*  
*makabubuting...*  
*makatutulong ng malaki...*  
*dapat ay ganito...*

Halimbawa:

*Makabubuti siguro* na manatili sa bahay sa panahon upang hindi mahawaan ng virus.

*Una mong dapat gawin* ay ugaliing maghugas ng kamay sa loob ng 15 minuto.  
*Higit na mainam* kung magsuot ng mask.

### **Pagpapakahulugan**

Maraming paraan ang pagpapakahulugan. Maaring gamitin ang denotatibo at konotatibong pagpapakahulugan. Ang kahulugang **denotatibo** ay ang literal na kahulugan ng isang salita na matatagpuan sa diksyunaryo. Habang ang **konotatibo** ay tumutukoy sa ekstrang kahulugan na ikinakabit sa isang salita depende sa intensyon (agenda) ng nagsasalita o sumusulat. Ito ay may mas mataas at mas malalim na kahulugan ng salita.

*Halimbawa:*

#### **Pusang itim**

Denotasyon : uri ng hayop na nangangalmot, kulay itim at ngumingiyaw  
Konotasyon : nagbabadya ng kamalasan o kamatayan

#### **Kamay na bakal**

Denotasyon : bakal ang kamay  
Konotasyon : paghihigpit

Ginagamit din ang pagbibigay ng kasingkahulugan at kasalungat na kahulugan upang mabigyan ng linaw ang malalalim na salita na ginamit sa teksto o akda. Ang **kasingkahulugan** ay dalawang magkaibang salita na pareho o magkatulad ang kahulugan o ibig sabihin.

Halimbawa:

maganda- marikit  
mabango- masamyo, mahalimuyak

Ang **kasalungat** na kahulugan ay kabaliktaran ng isinasaad ng salita.

Halimbawa:

maganda- pangit  
mabango- mabaho, maamoy, masangsang

Naunawaan mo ba ang talakayan? Sige nga, subukan mong sagutan ang mga kasunod na Gawain.



## Pagyamanin

**Panuto:** Basahin ang bahagi ng akda at ibigay ang hinihingi sa ibaba. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Sa simbahan, ikakasal na si Julia kay Miguel nang dumating si Tenyong na sugatan. Ipinatawag ng Heneral ng mga Katipunero ang pari para makapangumpisal si Tenyong. Kinumpisal ng kura si Tenyong. Ipinahayag ng kura ang huling hiling ng binata – na sila ni Julia ay makasal. Galit man si Juana ay pumayag ito. Maging si Tadeo ay pumayag na rin sa huling kahilingan ng mamamatay. Gayundin si Miguel. Matapos ang kasal, bumangon si Tenyong. Napasigaw si Miguel ng “Walang Sugat!” Gayundin ang isinigaw ng lahat. Gawa-gawa lamang ng Heneral at ni Tenyong ang lahat.

A. Ilahad ang iyong katuwiran sa alternatibong solusyon o proposisyon na mababasa sa akda.

**Suliranin:** Hindi makasal si Tenyong kay Julia dahil ikakasal siya kay Miguel

1. Sang-ayon ka ba sa ginawa ni Tenyong na dayain ang kanyang sugat, upang makasal kay Julia? Ipaliwanag ang sagot.

---

---

2. Tama bang ikasal ng kura si Julia kay Tenong bilang huling hiling ng binata? Ipaliwanag ang sagot.

---

---

B. Ibigay ang konotatibo at denotatibong kahulugan ng mga salita.

1. Simbahan

Konotatibo: \_\_\_\_\_

Denotatibo: \_\_\_\_\_

2. Kasal

Konotatibo: \_\_\_\_\_

Denotatibo: \_\_\_\_\_

3. Binata

Konotatibo: \_\_\_\_\_

Denotatibo: \_\_\_\_\_

C. Ibigay ang kasingkahulugan at kasalungat na kahulugan ng salita.

1. Galit

Kasingkahulugan: \_\_\_\_\_

Kasalungat: \_\_\_\_\_

2. Pumayag

Kasingkahulugan: \_\_\_\_\_

Kasalungat: \_\_\_\_\_



## **Isaisip**

Sa araling ito, natutuhan ko na ang denotatibo ay \_\_\_\_\_ na kahulugan ng isang salita na matatagpuan sa diksyunaryo habang ang \_\_\_\_\_ ay tumutukoy sa \_\_\_\_\_ na ikinakabit sa isang salita depende sa intensyon (agenda) ng nagsasalita o sumusulat. Ito ay may mas mataas at mas malalim na kahulugan ng salita.

Ang \_\_\_\_\_ ay dalawang magkaibang salita na pareho o magkatulad ang kahulugan o ibig sabihin. Ang kasalungat na kahulugan ay \_\_\_\_\_ ng isinasaad ng mahirap na salita.

Bilang kabuoan, mahalaga ang natutuhan ko dahil \_\_\_\_\_

---

---



## **Isagawa**

**Panuto:** Makinig o manood ng balita tungkol sa suliraning pang-edukasyon. Ilahad ang iyong opinyon at pangangatuwiran tungkol dito sa tatlo hanggang limang pangungusap. Bigyang kahulugan ang mga salitang malalalim na magagamit sa iyong opinyon.

1. Opinyon at pangangatuwiran tungkol sa suliraning pang-edukasyon

---

---

---

---

2. Kahulugan ng salita (2-3 salita)

Salita	Denotatibong Kahulugan	Konotatibong Kahulugan	Kasingkahulugan	Kasalungat na kahulugan



## **Tayahin**

**Panuto:** Basahin ang isang akda.

### **Dalit ni Julia**

Oh Tenyong, niyaring dibdib  
 Diyata' ako'y natiis  
 Na hindi mo na sinilip  
 Sa ganitong pagkahapis.

Ay! Magdumali ka't daluhan  
 Tubusin sa kapanganiban,  
 Huwag mo akong bayaang  
 Mapasa sa ibang kandungan.

Halika, Tenyong,halika  
At baka di na abutin  
Si Julia'y humihinga pa....  
Papanaw,walang pagsala!

At kung patay na abutin  
Itong iyong nalimutan  
Ang bangkay ay dalhin na lamang  
Sa malapit na libingan.

Huling samo,oh Tenyong,  
Kung iyo nang maibaon  
Sa malungkot na pantiyon,  
Dalawin minsan man isang taon.

A. Ipahayag ang iyong pangangatuwiran sa alternatibong solusyong naisip ni Julia nang siya ay hindi na dinalaw ni Tenyong.

---

---

---

B. Pagbibigay ng kahulugan

Salita	Denotatibong Kahulugan	Konotatibong Kahulugan	Kasingkahulugan	Kasalungat na kahulugan
Hapis				
Kandungan				
Panaw				



## ***Karagdagang Gawain***

**A. Panuto:** Basahin ang akdang “Walang Sugat” at ipagpatuloy ang pahayag upang makabuo ng isang opinyon tungkol sa suliraning kinaharap ng mga tauhan.

Habang binabasa ko ang “Walang Sugat”, nakadama ako ng \_\_\_\_\_  
dahil ako’y \_\_\_\_\_ kaya nais kong \_\_\_\_\_  
upang \_\_\_\_\_.

**B. Panuto:** Ibigay ang kasalungat ng salita at isulat ang iyong sagot sa patlang, pagkatapos ay gamitin ang dalawang salita sa pangungusap.

1. Hiyain- \_\_\_\_\_

Pangungusap:

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

2. Kaalipustahan- \_\_\_\_\_

Pangungusap:

\_\_\_\_\_

3. Nilalik- \_\_\_\_\_

Pangungusap:

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

4. Kalakip- \_\_\_\_\_

Pangungusap:

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

5. Mabibighani- \_\_\_\_\_

Pangungusap:



## Susi sa Pagwawasto

<b>MAHIRAP</b> KASINGKAHULUGAN: PULUBI KASALUNGAT: MAYAMAN	<b>NAGBIGKIS</b> KASINGKAHULUGAN: NAGBUUKLOD KASALUNGAT: NAGHIHWALAY
<b>KALAYAAN</b> DENOTATIBO: KATANGIANG KILOS LOOB KONOTATIBO: KASARINIAN/SARILI	<b>URONG-SULONG</b> DENOTATIBO: ATRAS-ABANTE KONOTATIBO: PANININDIGAN

**SUBUKIN B.**

**BALIKAN**  
**HUDYAT NG PAGSANG-AYON** TALAANG, TAMA ANG SINABI MO, TUNAY NA, OO, LUBOS AKONG NANANALIG  
**HUDYAT NG PAGSALUNGAT** AYAW KO ANG PAHAYAG, HINDI AKO NANINIWALA, HINDI TOTOONG, SUMASALUNGAT AKO

<b>PAGYAMANIN C</b> <b>Galit</b> Kasingkahulugan: <u>inis, muthi</u> Kasalungat: <u>mahinahon</u>	<b>PAGYAMANIN B</b> <b>denotatibo</b> lugar nang mga nagsisimba seremonya lalaking walang asawa
<b>Pumayag</b> Kasingkahulugan: <u>sumang-ayon</u> Kasalungat: <u>tumanggi</u>	<b>konotatibo</b> banal na tahanan ng Diyos pangako/sagradong tipan lakas

**ISAISIP**  
 literal, konotatibo, ekstrang kahulugan, kasingkahulugan.

<b>TAYAHIN</b> Haps Kandungan Panaw	<b>denotatibo</b> kalungkutan sa piling ni Nanay pagkamatay	<b>konotatibo</b> suliranin pag-aaruga/pagmamahal pagtanggap sa katotohanan
Haps Kandungan Panaw	<b>kasingkahulugan</b> lumbay/lungkot sapupo/loob namatay	<b>kasalungat</b> saya labas nabuhay

**Rubrik sa pagpapahayag/ pagpapaliwanag**

<b>Paman tayan</b>	<b>Napaka husay</b>	<b>Mahusay</b>	<b>Di-gaanong mahusay</b>	<b>May malaking kakulangan</b>	<b>Mag-ensayo pa</b>
	<b>5</b>	<b>4</b>	<b>3</b>	<b>2</b>	<b>1</b>
<b>Pagpapa hayag sa paksa</b>	Lohikal, malinaw at organisado  Ang mga nakikinig ay nakasusunod sa paksa. .	Maayos at organisado  Ang ibang punto ay nakalilito	Hindi organisado  Hindi naipaliwa nag ng maayos.	Paulit- ulit ang punto ng nagsasalita  Walang pagkakaisa ang mga punto na ginamit.	Ang sinasabi ay malayo sa paksa.Ang mga nakikinig ay hindi nagpapa kita ng interes habang tinatalakay ang paksa
<b>Estilo ng pagpapa hayag</b>	Kitang kita ang kum pyansa sa sarili sa paraan ng pagsasalita.	Kinaka kitaan ng maayos na tindig kahit medyo kinakaba han.	Ang boses ay hindi sapat upang marinig at maayos na maipara ting ang nais puntuhin. Kitang kita ito sa kumpyansa nya sa sarili.	Paulit-ulit ang pagpapa hayag Kapuna-puna na labis ng kabado.	Hindi naipali wanag ng maayos.  Matipid na salita lamang ang ginamit.  Kulang sa paliwanag.
<b>Kaang- kupan ng Ideyang ginamit.</b>	Sapat, wasto, konkreto at makabu luhan ang impor masyon. Wasto ang mga salitang ginamit at angkop upang maipaliwa nag ng maayos.	Sapat at wasto ang ginamit na impormasyon maliban sa kaunting kalituhan upang maipali wanag ng maayos.	Angkop ang salitang ginamit ngunit hindi sapat ang impor masyong itinuro.	Ang inihandang mga impor masyon ay hindi sapat kulang para sa pagka- unawa ng mga nakikinig.	Hindi alam ang paksa at hindi makapag- isip ng tamang salita sa pagpapaha yag.



# ***Sanggunian***

## **Mga Aklat:**

Peralta Romulo N., Donabel C. Lajarca, Eric Cariño 2017. Panitikang Asyano 9

Miranda Lourdes L., Antonietta D. Tapang, Pilipina A. Guerrero, 2017. Punla 8 (Mga Panitikang Pambansa at Florante at Laura) Rex Book Store, Inc.

## INTERNET:

<https://www.slideshare.net/ilyhlnvgvjkliunl/filipino-24082662>

<https://gabay.ph/sipag-o-talino/>

<https://philnews.ph/2020/08/13/denotatibo-at-konotatibo-halimbawa-at-kahulugan/>

<https://www.yumpu.com/xx/document/read/23150660/modyul-20-alternatibong-solusyon-pabuod-pasaklawpdf>

<https://brainly.ph/question/513209>

<https://www.scribd.com/document/58707671/Rubrik-Para-Sa-Sulating-Papel>

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph)\* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)